

1. Tungkol sa Pagfi-file ng Income Tax Returns sa Tochigi Tax Office

Ang pagfile ng income tax sa fiscal year 2020 ay gagawin sa Tochigi Chamber of Commerce and Industry o ang Tochigi Shoko Kaigijo. Ito ay sa main hall nito mula ika-16 ng Pebrero hanggang ika-15 ng Marso ngayong taon ng 2021.

Kung ikaw ay residenteng dayuhan na nagbabayad ng buwis at nagpapadala ng iyong pinansyal na suporta sa iyong mga kamag-anak sa ating bansa ay may pamamaraan upang mapababa ang bayarin sa buwis. Ngunit ito ay naayon sa bilang ng iyong mga dependents,

Kadalasan, sa katapusan ng taon ang mga kompanya na pinag-tratrabahuan ang gagawa ng aplikasyon sa tax exemption para sa mga dependents natin na wala sa Japan. Subalit kung ito ay hindi ginawa ng kompanya para sa atin ay tayo mismo ang gagawa at mag-file sa tax office.

Upang mag-apply ng tax exemptions para sa mga kamag-anak na wala sa Japan ay kailangan magsumite ng mga dokumento na nagpapatunay ng relasyon bilang kamag-anak. Maaring ito ay birth o marriage certificates o kopya ng pasaporte bilang katibayan. Ganon din ang pruwera ng pagpapadala ng pera o remittance certificate. Halimbawa nito ay ang mga naging resibo o iba pang katibayan ng pagpapadala ng pera maging ito ay sa banko o credit card companies at iba pa. Ang mga dokumentong ito ay dapat isalin sa wikang hapon.

Inaasahan sa mga pagkakataon na ito na maraming tao at magiging masikip ang lugar kaya magpapamahagi sila ng number stabs sa araw na iyon o bago ang araw na pagpunta upang maiwasan ang siksikan. Hinihiling ang kooperasyon ng lahat na magsuot ng face mask at magdisempekta ng mga daliri at kamay upang makaiwas sa pagkahawa ng COVID-19.

2. Tungkol sa Pag-gamit ng My Numbers Card kapalit Health Insurance Card Certificate.

Magmula Marso ng 2021, ang My Numbers Card ay pwede ng gamitin na National Health Insurance Card. Ito ay pwede ng magamit sa mga pagamutan o botika bilang kapalit ng National Health Insurance Card, Gayunpaman, ito ay limitado lamang sa mga pagamutan o botika na nagpapahintulot ang paggamit ng My Numbers Card sa mga online na transaksyon, Kung hindi ay ang dati pa ring National Health Insurance Card ang dapat gamitin.

Upang magamit ang My Numbers Card bilang kapalit ng National Health Insurance Card ay kailangan pa ng application para rito sa umpisa. Ang application ay gagawin sa My Numbers Portable Website sa ating mga personal computers o smartphones at sundan lamang ang online instructions.

At kung gagawin naman sa City Hall ang application para dito ay maglalagay ang Medicare Section ng mga computers sa kanilang counters para magbigay assistance sa mga pupuntang tao upang gawin ang application. Magagamit ito mula 8:30 ng umaga hanggang 5:15 ng hapon mula Lunes hanggang Biyernes. Kailangan natin ihanda ang ating My Numbers Card at huwag kalimutan ang 4-digits na Pin Numbers na itinalaga natin para dito.

Kaya gamitin natin po ito.

3. Mga Countermeasures upang Makaiwas sa Pagkahawa ng Covid-19.

Kahit sa pagpalit ng taon ay dapat pa rin ipagpatuloy ang mga countermeasures upang makaiwas sa pagkahawa sa Covid-19 virus.

Ang pamahalaan ng lungsod ng Tochigi ay nakikiusap sa lahat na panatilihin ang mga hakbang na panlaban sa pagkalat ng Covid-19 sa pamamagitan ng patuloy na pagsuot ng face masks, pag ventilate ng mga kwarto to lugar na kinalalagyan at pag-iwas sa tatlong “M”. Ito ay ang matao, masikip at malapitang pakikipag-usap. Ugaliin pa rin ang palagiang paghuhugas ng kamay. Gayundin ang pinapanawagan na pag-iingat sa limang okasyon o eksena na kung saan mataas ang peligro ng pagkakahawa sa Covid-19. Ito ay una, ang pakikipag-inuman o social drinking, pangalawa ay ang pakikipag-inuman pa rin at pagkain sa may higit na limang katao sa mahabang oras. Pangatlo ay ang pakikipag-usap na walang face masks, pang-apat ay ang paninirahan sa masikip na lugar o kwarto na may mga kasama at ang pang lima ay ang pagpasok sa mga restrooms, smoking rooms o dressing rooms sa oras ng break times sa trabaho ay dapat din maging maingat.

Iwasan din ang pakikipag-usap ng walang face masks sa loob ng mga shuttle cars sa pagpasok at pag-uwi sa ating mga trabaho.

Sa buong bansa ng Japan at kahit saan ay patuloy pa rin ang pagtaas ng impeksyon ng Covid-19. Ipinapayo na huwag munang lumabas kung hindi mahalaga at kailangan ang dahilan.

Hinihiling din ang pag-unawa ng lahat sa ginawang pagkansela ng taunang Japanese Speech Contest gayundin sa Tochigi International Festival.